Mga Klase sa ESL o GED

ESL, English as a Second Language (Ingles Bilang Pangalawang Wika) o **GED**, General Education Development (Kaunlaran sa Pangkalahatang Edukasyon)

Ang Adult Literacy and ESL program ng Pikes Peak Library District ay nagbibigay ng libreng pagtuturo at pagtuto ng wikang Ingles para sa mga taong may gulang.

Sa pamamagitan ng mga sinanay na boluntaryo, nagbibigay ang programa ng isang komportable at nakakabuting lugar para sa mga taong natututo lamang ng Ingles, gayundin mga natibong nagsasalita ng Ingles na kailangang pabutihin ang kanilang mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagintindi.

Maaring pumili ang mga kalahok mula sa iba-ibang mga programa kung saan maaari silang magsanay sa pagbasa at pagsulat sa isang grupo, o humiling ng pamamatnubay mula sa isang tutor, at higit pa.

PIKES PEAK LIBRARY DISTRICT ppld.org seek • engage • transform

Adult Literacy & ESL PIKES PEAK LIBRARY DISTRICT LitSource

Kinaroroonan ng Tanggapan: Penrose Library
Telepono: 531-6333 x2223 or x2224
Internet: http://ppld.org/adult-literacy-esl-ged
Facebook: www.facebook.com/ppldesl

Adult Literacy
Pagtuto ng Pagbasa at Pagsulat
ng mga Taong May Gulang

Mga Klase sa ESL, English as a Second Language (Ingles Bilang Pangalawang Wika)

O

GED, General Education Development (Kaunlaran sa Pangkalahatang Edukasyon)

Pikes Peak Library District

MGA KLASE SA ESL O GED

ESL

Ang mga nag-aaral ng Wikang Ingles ay mga estudyanteng galing sa mga tahanan kung saan may wika maliban sa Ingles na sinasalita una sa lahat. Ang ganyang mga estudyante ay maaaring mga imigrante mula sa ibang bansa. Ang ilan sa mga estudyanteng ipinanganak sa Estados Unidos ay miyembro din ng mga pamamahay kung saan hindi nagsasalita ng Ingles.

Nahihirapan ang mga estudyante ng Wikang Ingles sa pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat, at pag-iintindi ng wikang Ingles. Dahil sa mga hirap na ito, hindi sila handang magtagumpay sa mga klase kung saan gumagamit ng Ingles lamang nang walang masikhay na pagsasanay sa wika at tulong sa pag-aaral.

Nag-aalok ang Adult Literacy ng Pikes Peak Library District ng libreng mga klase sa wikang Ingles, para sa mga taong may gulang na kailangang ipagpabuti ang kanilang kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pag-intindi, at maaring pumili ang mga estudyante mula sa iba-ibang programa kung saan maaari silang magsanay sa pagbasa at pagsulat kasama ang isang grupo, humingi ng pamamatnubay mula sa isang tutor, o maghanda para sa pagsusulit na GED at higit pa!

MGA PROGRAMA:

Matuto ng Ingles - nag-aalok sa mga taong may gulang ng pasimula at panggitnang pagtuturo ng Ingles sa silid-alaran. Ang mga klase ay maaaring puntahan dalawang beses bawat linggo, sa umaga o gabi, 3-4 oras bawat isa.

Magsalita ng Ingles - mga conversation group (mga grupo ng estudyanteng nag-uusap) na hindi pormal para sa mga taong may gulang na ang mga kakayahan sa wikang Ingles ay intermedya o mas mahusay.

Grupo ng mga Nag-aaral ng Pagbabasa ng Ingles - ay idinisenyo upang matulungan ang mga nag-aaral na ipagpabuti ang kanilang mga kakayahan sa pagbasa at pag-intindi.

Grupo ng mga Nag-aaral ng Pagsusulat ng Ingles - ay idinisenyo upang matuto ang nag-aaral na sumulat ng mga sanaysay, ulat, liham, resume, liham na ipinapadala kasama ang resume, at magkumpleto ng iba't ibang mga form.

Pagtuturong harap-harapan nang personal – nagkikita sa aklatan ang mga estudyante at boluntaryong tutor minsan bawat linggo upang magkaroon ng klase na tatagal nang dalawang oras.

GED

Mga Klaseng pang-GED - tutulungan ang mga estudyante na kailangang makuha ang kanilang diplomang GED. Kinakailangan sa proseso ang pagdalo sa mga klase, pag-aral at pagpasa sa pagsusulit na may apat na bahagi. Upang maumpisa ang paglahok sa mga klaseng pang-GED, kinakailangang magparehistro at kunin ang placement test.

MAHALAGANG PAUNAWA:

Dahil napakapopular ang aming mga programa, kailangang mangako ang mga estudyante na pupunta sila sa lahat ng mga klase sa buong itinagal ng kurso; isasaalang-alang ang hindi kukulang sa 85% na pagdalo upang matapos ang programa at matanggap ang diploma.

Adult Literacy & ESL
PIKES PEAK LIBRARY DISTRICT LitSource

Telepono: 531-6333 x2223 or x2224
Internet: http://ppld.org/adult-literacy-esl-ged
Facebook: www.facebook.com/ppldesl